HIS CONFESSION BY Rumphii

Softcopy Published: 10/26/2013

None of this property belongs to you. All the credits belongs to the owner.

Plagiarizing is a crime! No to plagiarizing!

Name, age, place and happenings are pure fiction! Any resemblance to the following are coincidental.

Copyright © 2013 by Rumphii. All rights reserved. STEALING IS A CRIME.

If you’re going to post MY story to other sites, please do acknowledge me as the author.

ENJOY READING! XOXO! DON’T FORGET TO SUPPORT MY STORIES ON WATTPAD!

~*~*~

"Andrea!" napatingin ako sa kaniya.

Ayan na naman siya, bakit ba sa tuwing lalapit siya eh may kasamang,

"My labs. Musta araw mo?"

Alam kung para sa inyo, sweet siya. Pero leshe naman oh. Araw arawin ba naman ang ganito.

Super sweet lang? Minsan ang lahat ng sobra ay nakakasama. Lalo na't pinagtritripan ka ng crush mo! Tsk tsk.

"Okay naman ako my labs. My labs, kailan mo ba titigilan ang pang gogoodtime sa 'kin?" i fake a smile at him.

"My labs naman oh. Pagbigyan mo na ang may labs mo. Na miss kasi kita eh." napaface palm na lang ako sa sinabi niya.

Magkaklasi kaya kami, kaya araw-araw kaming nagkikita. Araw-araw kaming nag-uusap lalo na't magkatabi kami.

"Andrew. Tigil tigil tayo sa pagsha-shabu pag may time ha?" sabi ko sa kaniya, tapos napa-smirk pa tong katabi ko sa sinabi ko. Siya naman eh bumalik sa upuan niya.

Wahahah! Trolled, yan kasi! Di lang ikaw ang marunong mang-trip.

Napakaboring ng araw na to. Napa-upo na lang ako sa sit ko at matutulog na sana. Di kasi pumasok ang mga teacher, teachers day kasi ngayon at mga estudyante sa section namin ang naatasang magturo sa lower levels at sections.

"My labs." kalabit niya sakin. Abat matuturn-off na ko sayo my labs este Andrew ha!

Sa kasamaang palad at suwerte na rin, kami ang partner ni Andrew. Good luck na lang sakin kung makakapagconcentrate akong magturo sa mga schoolmates ko.

Tiningnan ko siya ng masama, pero siyempre hindi masyado.

"Este, Andrea. Diba may tuturuan pa tayo ngayong oras? Sa kabilang section? Diba?" pagpapaalala niya sakin.

Luhh! Oo nga pala!

"Bakit ngayon mo lang sinabi sakin?" Dali dali kung kinuha ang mga visual aids ni maam para gamitin sa pagtuturo ko.

"My labs!" nagulat ako sa sinabi ko. Nagsitinginan yung mga kaklasi ko sakin. Si Andrew? Tulala.

Ano ka ba naman Andrea, bakit di kasi nagdadahan-dahan. Mag-isip ka ng palusot, dali!

"Ah-ah My labs! Tama na nga sa may labs mo na yan! Nakakairita na eh!" sigaw ko sa kaniya. Di pa rin siya natinag sa kinatatayuan niya. Yung mga kaklasi ko naman nakatitig pa sakin.

Napaface-palm na lang ako at lumabas ng room. Nakakahiya ako! Ugh!

Sumunod naman siya sakin. Nakatawa siya paglabas niya. Sana walang nakahalata, ilang taon ko na tong tinatago at ngayon pa mabubuko? No way!

"Ahem. Ahem." napatingin siya sakin na nagtatagpo ang mga kilay with matching pout.

Tinuro ko yung room gamit ang nguso ko. Ayoko kasing mag excuse sa kanila, mahiyain kasi ako kahit di halata sa ugali ko.

Na gets naman ni Andrew ang pahiwatig ng nguso ko. Pumasok siya at dumiretso sa teachers table.

Tuwang tuwa siya sa pagsasalita sa harapan ng mga estudyante at biglang nagsiupuan.

Nasa sa kaniya lang ang paningin ko sa mga oras na yun. Wala akong pake sa mga taong dumaraan sa harap ko. Parang magnet yung mata ko at katawang lupa niya.

Natigil ang ilusyon ko sa kaniya ng bigla niya akong kinawayan at nagsitinginan ang lahat ng mga estudyante sa 'kin.

"Ako?!" sabay turo sa sarili ko.

Tumango siya senyales na pinapapasok na niya ako.

Nasa kalagitnaan na ako ng altar este ng room patungong teachers table ng biglang dumaan sa harap ko si Sheen. Ang karibal ko, at ang rumored girlfriend nitong si Andrew. Pero sabi nila na pinsan niya lang daw ito.

Napahinto ako sa kinatatayuan ko ng biglang yumakap si Sheen sa kaniya. Kasabay ng paghinto ko at pagyakap ni Sheen kay Andrew ay ang paghiyawan ng mga estudyante sa loob ng room.

Titig lang ako sa kanila. Ang sakit. Di ko kaya, halos maluha ako sa nakita ko. Sa mismong harapan ko pa. Pumalakpak na lang ako para di masakit sa pakiramdam, at para di niya mahalata.

Nakatitig lang ako sa kaniya, pero sa di inaasahang pangyayari eh nagtagpo ang mga mata namin. Nangungusap ang mga mata niya.

"A-andrea." he whisper my name. But still it sounds like a bomb on my ear. Dinig na dinig ko ito.

"Andrew. Alis muna ako. Di pa kasi ako nakakapagsnack. Ikaw muna, this time. Mamaya, ako na lang. Sige." i fake a smile again, but this time full of emotion.

Umalis ako ng room. Pinigilan kung di umiyak habang di pa ako nakakarating ng room sa kabila. Nasa may pintuan na ako ng room. Buti na lang at wala na masyadong tao sa room, pwede na akong mag-emote dito. Pero, may biglang humawak sa mga bisig ko.

"A-andrew? B-bakit? Anong problema?" agad kung pinunasan ang mga luha na tumulo sa mata ko.

"Dapat diba ako ang nagtatanong sayo niyan? Ano bang problema Andrea?" he said to me in a manly voice.

Di ko alam ang isasagot ko. Ayaw bumukas ng bibig ko baka sumunod nito ang pagpatak ng luha ko. Tinanggal ko ang kamay niya at patuloy na pumasok ng room.

"Tell me. May gusto ka ba sakin?" napahinto ako sa sinabi niya. Ganyan ba talaga siya kamanhid? Di ba halata na may gusto ako sa kaniya?

"Para ka namang ewan eh. Aalis ng hindi nagpapaalam. Tapos pag tinanong sasabihing, 'ah. wala lang. okay lang ako' bakit ba ang hilig niyong mga babaeng magtago ng nararamdaman?"

"Oo! Mahal kita! O ano? Masaya ka na?" i shouted at him.

Shete! Napaamin ako ng wala sa oras. Impaki mood na to eh! Kinuha ko ang bag ko at sumakay ng elevator. Di na niya ako sinundan pa.

Nagdahilan akong may emergency sa bahay kaya pinayagan akong umuwi ni miss.

Ayoko ng makita pa si Andrew. Di ko kasi alam ang gagawin ko kung makita ko pa siya. Kung ano ang sasabihin niya.

~*~ ~*~

Sa bahay

~*~ ~*~

Gabi na, at nakahiga lang ako sa kama ko. Walang ginagawa at nakikinig ng radyo. Lagi kasi akong nakasubaybay kay Dj Rob sa iShare niyang programa. Nakakatuwa kasing isipin na may mga kwento pala sa totoong buhay na akala ko sa fairytales at wattpad ko lang mababasa.

"Okay! Mga I-ers. Tawag na kayo para sa mga gustong magpatulong about sa mga love, family, school at ibang problema pwera lang sa money problems." natawa ako sa sinabi niya. Kahit di pa talaga fully recovered ang puso ko sa nangyari kanina. Pero im trying my best to heal the wound.

"Hello! Sino tong problemadong tao na to?" tanong ni Dj Rob.

"Please call me Mr. Drew." sagot naman ni Mr. Drew kuno.

"So anong maitutulong natin? Pwedeng magkwento muna tayo?" nahiga ako ng maayos. I put my headphone on my ears, para dama ko ang feels.

"Kuya Rob. May babae po kasi akong minamahal. Ka-klasi ko po siya, ka-seatmate, partner, at higit sa lahat, bestfriend. Di ko pa po nasasabi sa kaniya ang nararamdaman ko, takot kasi ako. Takot na mabusted at masira ang current status namin. Okay na sakin na hanggang kaibigan lang kami. Atleast, nakakausap ko siya, nakakabonding, at nasasabihan ko pa siya ng 'My labs'."

Natawa ako sa sinabi niya. Akalain mo at pareho pala kami? Relate ako dito kaya tutulungan ko to. Tatawag tayo mamaya.

"Naiinis nga siya pagtinatawag ko ang mga katagang yun sa kaniya. Pero i cant resist saying those words sa kaniya. Bali, yun ang way ko para magbigay motibo sa kaniya. Pero wala eh. But not this day. Nagtapat po siya sakin, pero wala akong nasabi. Di ko nasabi ang gusto kung sabihin sa kaniya. I guess nasaktan ko siya. May nakita kasi siyang na misunderstood niya. Nagi-guilty kasi ako."

Biglang huminto siya sa pagkukwento niya.

Biglang bumalik ang lahat ng nangyari kanina sakin. I can't resist comparing the story of this guy sa sitwasyon ko kanina at sa nangyari.

And a conclusion has came to my mind.

Is it he? Or just coincidental lang?

"Mr. Drew, are you still there?" tanong ni Dj.

"Yes. I am." sagot naman ni Drew.

"So balik tayo sa kwento mo. Bakit ka nagiguilty?"

"Nagiguilty kasi ako, kasi di ko nasabi sa kaniya ang lahat. Di ko naipalawanag ang lahat. Na niyakap lang ako ni Sheen kasi tinulungan ko siya na sabihin sa magulang niya na buntis siya at tinulungan ko siya kasi pinsan niya ako. Yun lang yun."

Sheen? Yakap? Is this still coincidental?

"Di ko rin nasabi sa kaniya na mahal ko siya. Hinayaan ko lang siyang kunin ang bag niya at umalis ng di ako nakakapagexplain." bigla na lang pinutol ni dj ang kwento niya.

"So bro, may gusto ka bang sabihin sa kaniya? Baka nakikinig siya. Ano nga pala pangalan niya?" tanong ni dj.

"Ah. Tawagin na lang po natin siyang my labs. Ahaha. Baka kasi nakikinig siya." sagot naman niya.

"Okay. Sabihin mo na ang gusto mong sabihin kay 'my labs' mo." hindi muna siya nagsalita. Mga limang segundo bago ulit siya nagsalita.

"Andrea"

Kinabahan ako sa narinig ko.

"Pano ko ba to sasabihin?"
.
.
.
.
"My labs"
.
.
.
.
.
.
"Mahal kita. . ."

[THE END]